

1

Office hours pa kaya maraming tao sa head office ng *Crown Development Bank* sa Makati. Hirap na hirap si Bianca sa paghahanap ng parking space. Nakahinga siya nang maluwag nang makitang may papaalis na isang sasakyan. Kaagad niyang pinausad ang kotse patungo sa kababakante lang na parking space. Hindi pa siya nakakapagmaniobra nang may sumingit na kotse mula sa kabilang side ng parking lot.

Sa inis ay bumusina siya nang malakas, sabay bukas ng bintana. “Excuse me, nauna na ako riyan!” malakas niyang sabi.

Sa narinig ay tumingin sa direksyon niya ang lalaking sakay ng kabilang kotse. Ngumiti ito.

“Hindi ako nakikipagngitian sa 'yo,” pagtataray niya. “Iatras mo na ang kotse mo't magpa-park na ako.”

Pansamantala itong natigilan nang mapagmasdang mabuti si Bianca. Nakapusod ang buhok niya at nakasuot siya ng salamin pero litaw pa rin ang kanyang ganda. *Siya na ang babaeng hinahanap ko!* sabi nito sa isip.

“Hoy, ano ba!” bulyaw niya nang hindi pa rin tumitinag ang binata.

Ngingiti-ngiti nitong pinaatras ang sasakyan.

“Hmph! Mapanis ka sana sa kakahanap ng parking space!” bubulung-bulong niyang sabi habang iginagarahe ang sasakyan.

Nang umibis siya mula sa kotse ay nakamasid pa rin sa kanya ang binata. Iniwanan niya ito ng isang irap at saka na tinungo ang sadya.

“Maganda nga, terrible naman ang ugali,” mahinang komento nito habang sinusundan ng tingin ang mataray na dalaga.

Inayos muna ni Bianca ang sarili at pilit na ngumiti nang matamis bago pumasok sa opisina ng assistant vice president ng *Crown Development Bank* na si Mr. Asuncion.

“Good morning, Sir,” nakangiti niyang bati sa matanda.

“Good morning, Bianca. Have a seat.”

“Thank you.”

Tinanggal muna ni Mr. Asuncion ang salamin

nito bago nagsalita. “Ipinatawag kita dahil may gusto akong ipakilala sa 'yo. My doctor's son will be here in a minute. Gusto kong i-train mo siya bilang assistant manager sa branch mo.”

“Yon lang ho ba?” ngiti niya. “Mabuti't may makakatuwang na ako sa pagpapatakbo ng branch.”

“It will only be for a short period of time, Bianca. Sooner or later ay gagawin ko rin siyang officer-in-charge sa ibang bubuksan na branch. Like you, magkakaroon siya ng quota. Malalaman n'yo kung kailan kayo magiging ganap na managers.”

May kabang dumapo sa kanyang dibdib. Hindi pa niya napapataas ang deposito ng kanyang branch sa Ortigas Center. Pagsapit ng December ay kailangang naabot na niya ang ibinigay na quota ni Mr. Asuncion.

Bumukas ang pinto ng opisina. Pumasok ang guwapo at may matikas na tindig na binata. Naka-slacks ito, long-sleeved polo and tie. Maayos ang pagkakasuklay ng tuwid nitong buhok. Medyo maputi ito, 5'8” ang tangkad at ang mga mata ay tila nakangiti.

“Good morning, Tito,” sabi nito at saka bumaling kay Bianca. “Oh, hi! Magkikita rin pala tayo rito.”

“Hello, Nick.” Tumayo si Mr. Asuncion upang

salubungin ang anak ng kaibigan. “Do you know each other?” takang tanong nito.

“Hindi ho,” mariing tanggi ng dalaga, sabay ismid.

“Have a seat, Hijo,” anito. “How’s your dad?”

“He’s fine. He’s enjoying his work,” nakangiting tugon ni Nick na ang mga mata ay nanatiling nakatutok sa dalaga.

“I know. Your father is very good at what he does. When he became my doctor, I lost all my worries,” nakangiti nitong kuwento. “He’s a very good surgeon.” Ang daddy ni Nick ang nag-opera ng cholecystitis ni Mr. Asuncion dalawang taon na ang nakakaraan. “I practically owe him my life,” dugtong nito.

Ngumiti si Nick. Totoong magaling na surgeon ang daddy nito. Nais sana ng ama na tumulad siya rito pero hindi niya hilig ang pagdodoktor.

Tumikhim si Bianca nang mapansing tila nawawala na siya sa eksena.

“Anyway,” sabi ni Mr. Asuncion, “I’d like you to meet Miss Bianca Castillon. Siya ang officer-in-charge ng Ortigas branch at siya ang magti-train sa ’yo, Hijo.”

“I’m pleased to meet you, Ma’am,” ngiti ni Nick

at saka inabot ang kamay sa kanya.

Tumayo siya at tinanggap iyon. Laking gulat niya nang masuyong hagkan ng binata ang kanyang kamay. Sa kabiglaanan ay nasampal niya ito.

Napahumindig si Mr. Asuncion. Hindi ito kaagad nakapagsalita. Tiim ang mga bagang na naupong muli ang dalaga at humalukipkip.

Kakamut-kamot naman ng batok si Nick. "I'm sorry," saad nito sa mahinang boses.

Napabuntunghininga nang malalim si Mr. Asuncion. Hindi nito malaman ang sasabihin sa nasaksihan. "I don't want this to happen again," pagkuwa'y matatag na sabi nito.

"I'm sorry, Sir," nakatungong sabi ni Bianca.

"You can go back to your branch now," utos ng matanda. "Nick, you go with Miss Castillon."

Pagkatapos magpaalam sa matanda ay nauna nang lumabas si Bianca.

"Hijo, behave," paalala ni Mr. Asuncion kay Nick.

"Promise," kindat nito at saka na sumunod sa dalaga.

Malaki ang Ortigas branch ng *Crown Development Bank*. Dalawang palapag ito. Nasa ibaba ang tellers' windows, new accounts section at cashier's table samantalang sa itaas ang opisina ng accounting department at O.I.C. na siyang tumatayong manager ng branch.

Naunang dumating si Nick palibhasa ay mabagal magpatakbo ng sasakyan si Bianca. Kinilig ang mga teller nang dumating ang guwapong binata. Itinuro ng isang teller dito kung saan ang opisina ng manager.

"I'll just wait for Miss Castillon upstairs," saad nito bago tuluy-tuloy na pumanhik.

Nakipagkuwentuhan muna ito sa accountant habang hinihintay si Bianca.

Mainit pa rin ang ulo ng dalaga nang dumating. Tuluy-tuloy siyang naupo sa manager's table at pabagsak na ibinaba ang dalang bag. "Come over here, Mr. Rivera," tawag niya habang iniaayos ang salamin.

"Excuse me," paalam ni Nick sa accountant bago dumulog sa mesa niya. "Yes, Ma'am?" ngiting-ngiti nitong tanong.

"Ba't ka tumatawa? Nang-aasar ka ba?"

“No, Ma’am.”

“Sit down.”

“Thank you.”

“Wala pa akong alam tungkol sa 'yo, Mr. Rivera,” simula niya. “Ni hindi ko alam kung ano ang natapos mo at kung ano ang experiences mo. Dahil sa malakas ang backer mo, ni hindi na kita na-interview sa harap ni Mr. Asuncion. Ngayon, Mr. Rivera, tell me about yourself.”

“I’m single,” simula nito.

“That’s not the information I’m after.”

“Okay. I have a master’s degree in Management and a three-year experience as an assistant manager in a big car dealer’s company.”

“That’s all?” taas-kilay niyang tanong. “Yon ba ang mga ipinagmamalaki mong experience?”

“I guarantee you, I did very well as an assistant manager, Bianca, and I—”

“Call me ‘Ma’am,’” putol niya rito.

“Okay, Ma’am.”

“Just hand me your resumé.”

Inabot nito sa kanya ang hinihingi niya. Nanginginig pa ang mga kamay nito.

Habang nagbabasa siya ay nakatitig si Nick sa aristokrata niyang hitsura.

“You still need more experience,” saad niya matapos pag-aralan ang comprehensive resumé nito. “Bakit hindi ka muna mag-cashier? Anyway, you’re still very young.”

Napangiti ito. “I believe those are not Mr. Asuncion’s orders. Kung ano ang mga sinabi niya, ’yon na lang ang susundin ko’t dapat mo ring sundin. One thing more, I’m not as inexperienced as you think. Besides, my age should not be an obstacle sa pagpili sa akin bilang assistant manager. You’re still young yourself.”

“I’m twenty-seven and I have a lot of experience in banking,” mariin niyang sabi.

“Then I’m just a year younger than you.”

“I know that. I just read your resumé, didn’t I?” mataray niyang saad bago dinampot ang katabing telepono. Pinindot niya ang numero ni Mr. Asuncion sa head office.

Iiling-iling na nakinig si Nick sa mga sinasabi

niya.

“Sir, Mr. Rivera is very young and not well-experienced in banking. He might be more qualified as a cashier,” narinig nitong sabi ng dalaga sa kausap sa kabilang linya.

“C’mon, Bianca, let’s give him a chance. After all, the bank did the same for you. We trained and exposed you to more challenging jobs. Just look at where you are now! Nick has the capability to handle a managerial position and I think he deserves the same chance we gave you.”

Walang nagawa si Bianca. Pagkatapos ng pag-uusap ay pabuntunghiningang hinarap niya ang binata.

Ngiting-ngiti si Nick. Hindi man sabihin ng kaharap ay alam na nito ang naging resulta ng pakikipag-usap niya kay Mr. Asuncion.

“Ano’ng iningingiti-ngiti mo riyan?” mataray na tanong ni Bianca rito. Tila walang pinoproblema ang binata. Laging nakangiti ang mga mata nito, maaliwalas ang mukha at masayahin.

“So, ano’ng sabi ni Mr. Asuncion?” tanong nito.

“Ano pa ba ang sasabihin niya?” palihis niyang

tugon.

“So, wala nang problema?”

“Magkakaroon ka ng problema kapag nag-umpisa ka na rito.”

“I don’t think so. I’m ready to handle responsibilities.”

“We’ll see, Mr. Rivera.”

“You can call me Nick.”

“First of all, alisin mo ang pagkamayabang mo,” banta niya sa binata. “Ayoko ng may mga taong mahangin sa opisina ko. Do we understand each other, Mr. Rivera?”

“Sure, Ma’am.”

“You can start tomorrow,” naiinis niyang sabi. “In the meantime, stay away from me, okay?”

“Okay,” natatawa nitong tugon bago tumayo.

Sunud-sunod na buntunghininga ang pinakawalan ni Bianca nang makaalis ito.

“Wala siyang experience sa banking,” kuwento ni Bianca sa kaibigang ka-share niya sa condominium

unit, “pero tinanggap siyang assistant manager. And not only that, gagawin na siyang O.I.C. soon. Can you believe that, Tina?”

Iiling-iling na naupo sa sofa ang kausap niya at niyapos ang katabing throw pillow. “Ano naman ang incredible doon?” anito. “Ganyan din naman ang ginawa sa 'yo nang pumasok ka sa bangkong 'yan.”

“Correction, naging loans officer muna ako,” mariin niyang sabi. Nakalugay ang mahaba niyang buhok at wala siyang suot na salamin. “Sunud-sunod lang ang promotions ko kaya mabilis akong naging O.I.C.”

“Siguro'y gan'on ang mangyayari sa kanya. Baka matalino rin siya't maraming kakilala.”

“Yung huli mong sinabi, oo. Paano, kakilala niya si Mr. Asuncion,” ismid niya. “Hindi ako makakapayag na maunahan pa niya akong maging branch manager. Never!”

Napangiti si Tina. “Bakit ba galit na galit ka sa taong 'yon? Wala naman siyang ginagawang masama sa 'yo.” Tiningnan siya nito nang makahulugan. “Siguro guwapo, 'no?”

“Hindi, ah!” tanggi niya. “Mas guwapo pa rin si Bobby.”

“Guwapo nga ang boyfriend mo, babaero naman,” pabulong na sabi nito.

“Nagbago na siya,” depensa niya.

“I doubt it,” irap nito.

“Bahala ka. Palibhasa, inggit ka lang,” nakatawa niyang sabi.

“Kay Bobby? Nagpapatawa ka!”

Excited si Nick. Kinabukasan ay maaga siyang pumasok. Halos hindi makapaniwala ang tellers at new accounts clerk nang sabihin niyang siya ang itini-train bilang assistant manager doon.

“You mean, boss ka namin?” tanong ni Maggie, isa sa mga teller.

Nakangiting tumango siya.

“Naku, Sir, sorry ho,” nakatungong paumanhin ni Cindy. “Nakikipagbiruan kami sa 'yo, 'yon pala—”

“No, no, it's okay. Bata pa rin naman ako kaya okay lang na makipagbiruan kayo sa akin,” nakangiti niyang sabi. “Anyway, wala pa ba si Ma'am Bianca?”

“Ten o'clock na dumarating 'yon,” ani Maggie.

“Talaga bang masungit at mataray siya?” tanong niya.

“Mabait 'yon kaya lang masyadong istriкто pagdating sa trabaho.”

Tumangu-tango siya.

Itinuro ng accountant kay Nick ang magiging mesa nito. Malapit iyon sa mesa ni Bianca. Hindi pa alam ng binata kung ano ang gagawin kaya naupo muna ito at hinintay na dumating ang boss.

Eksaktong ten o'clock nang dumating si Bianca. Naglakbay kaagad ang mga mata ni Nick sa kabuuan ng dalaga. Ang sexy niya sa suot na pencil cut skirt na may maikling slit sa gilid. Naka-blazer siya at scarf na bumabagay sa kanyang suot.

“Good morning, Bianca... I mean, Ma'am,” nakangiting bati ng binata.

Tiningnan lamang niya ito. Pagkaupo ay ipinatawag niya ang accounting clerk. “We'll have a meeting today,” aniya. “Pakitawag mo na sila.”

“Yes, Ma'am.” Dali-dali itong pumanaog at tinawag ang ibang officers at staff.

Ilang sandali lamang ay magkakaharap na silang lahat sa kanyang mesa. Ipinakilala niya si Nick sa officers at staff. Pagkatapos ng meeting sa loob ng office ay ini-orient niya ang binata tungkol sa procedures, rules and regulations at iba pang impormasyon tungkol sa branch.

“We’ll be attending seminars at the head office every Tuesday,” sabi niya habang abala sa sari-saring gawain.

“About what?” tanong nito.

“About everything,” yamot niyang sagot. “And since today’s Tuesday, we’ll be going to the head office at eleven o’clock.”

Ilang sandali lamang ay lulan na sila ng kani-kanyang sasakyan patungo sa head office. Noong simula ay nauuna ang kotse ni Bianca na puting *Honda City*. Kaya lang ay mabagal siyang magpatakbo kaya inabutan siya ni Nick na sakay naman ng *Toyota Corolla Gli* nito. Pinantayan nito ang takbo ng kotse niya at saka siya nginitian. Inirapan lang niya ito.

Masungit talaga, sabi ng binata sa sarili. Pero maganda siya. Lalo na siguro kapag tinanggal ang salamin niya.

Ang guwapo ng lalaking ito pero may pagkapresko, sabi naman ni Bianca sa isip. Akala niya siguro, madali ang trabahong pinasukan niya. Tingnan ko lang kung hindi ka mamomroblema sa kaka-market ng mga produkto ng bangko. Baka isang araw ay bigla ka na lang mag-resign! Napangiti siya sa isiping iyon.

Thirty minutes ang biyahe nila patungo sa Makati. Sabay pang umibis ng kotse ang dalawa.

Inayos muna ni Nick ang sarili bago sinabayan ang masungit na boss. “May I help you with your things?” nakangiting alok nito.

“No, thank you.” walang bahid-ngiti niyang tugon. “I can manage.”

“Whatever you say,” sabi nito at saka pa siya sinaluduhan.

Inirapan niya ito at saka binilisan ang paghakbang. Iiling-iling itong sumunod sa kanya. Pagpasok nila sa loob ng building ay napatingin ang kababaihan sa kasama niya. Hindi iyon nalingid sa kanyang pansin. Napailing na lang siya.

Second day ni Nick sa branch.

Kasama ni Bianca si Bobby nang dumating siya

sa office.

Pansamantalang naagaw ang atensyon ni Nick mula sa mga ipinagagawa rito ng dalaga nang pumasok sa opisina ang dalawa. Tiningnan nito mula ulo hanggang paa ang kasama ng boss nito. Guwapo ang lalaki, matangkad at mukhang disente.

“I’m not going to your damned party,” mahina pero mariing sabi ni Bianca sa boyfriend niya. Pilit niyang pinahihinahon ang boses kahit halata namang galit na galit siya.

“C’mon, Bianca, it’s time for you to meet my friends,” pakiusap ni Bobby.

“Alam mong hindi akong nakikipagplastikan sa mapolitika mong mga kaibigan.”

“Hindi plastikan ang tawag d’on kundi good PR.”

“Nagdesisyon na ako.” Naupo siya sa mesa at sinapo ng dalawang palad ang noo.

“We can endorse your bank’s products—”

“Talaga? At ano pa? Ipapakilala mo ako sa babae mo?” sarkastiko niyang tanong.

Napaangat ng tingin ang mga tauhan ni Bianca kabilang na si Nick. Gusto man nitong makialam sa

dalawa ay wala itong karapatan. Ibinalik nito ang atensyon sa ginagawa.

“Are you accusing me again?” kunot-noong sabi ni Bobby, sabay talikod. “Okay, I’ll just ask someone else to accompany me to the party.”

“Do it. Who cares?”

Sunud-sunod na buntunghininga ang pinakawalan ni Bianca nang makaalis ang nobyo. Mayamaya ay bigla siyang natigilan at napatingin kay Nick. “K-kanina ka pa?” namumula ang mukhang tanong niya.

“Oo,” tugon nito.

Napapikit siya, hiyang-hiya. Namayani ang katahimikan. Pagkuwa’y tumayo siya at dinampot ang shoulder bag. “Come with me. May client call ako.”

Pagkatapos magpaalam sa cashier ay lumabas na ang dalawa. Napahinto sa paghakbang si Bianca nang may maalala. Wala nga pala siyang dalang sasakyan kaya siya inihatid ni Bobby. Bawal kasi niyang ilabas ang kotse nang araw na iyon dahil sa odd-even scheme.

“What’s wrong?” takang tanong ni Nick.

Nahihiyang tumingin siya rito. “Hindi ko nga

pala dala ang kotse ko.”

“No problem. Let’s use my car.”

“O-okay lang?”

“Sure.”

“I’ll give you half of my gasoline allowance.”

“There’s absolutely no need.” Pinagbuksan siya nito ng pinto.

Umupo na si Nick sa driver’s seat. Ilang sandali lamang ay humaharurot na ang sasakyan nito sa daan. “Saan tayo?”

“Marikina.”

Lalo pa nitong binilisan ang takbo ng kotse.

“Mr. Rivera, please, slow down,” kabadong sabi niya, sabay gamit ng seatbelt.

“Call me by my first name, first,” ngisi nito.

“I don’t know your first name,” tugon niya. Maluwang ang daan sa Meralco Avenue kaya lalo pa nitong binilisan ang pagpatakbo ng sasakyan.

Ngumiti lang ito pero hindi nagmenor.

“Nick, ano ba!”

Sa 'Yo Lamang Liligaya - Ningning C. Interino

Binagalan nito ang takbo, pagkuwa'y pormal na tumingin sa kanya. "I'm sorry, Ma'am," anito.

Inayos niya ang sarili pati na ang salamin na bahagyang bumaba sa kanyang ilong. "I-it's okay. Huwag mo na lang uulitin at baka hindi na ako sumakay sa kotse mo."

2

Isang malaking bahay sa *New Marikina Subdivision* ang pinuntahan nila. Ang sadya nila roon ay isang milyonaryong Chinese na nagmamay-ari ng kilalang pagawaan ng mga sapatos. May kaibigan si Bianca na nag-refer sa kanya rito.

Hindi siya marunong mag-Chinese kaya pinagsarhan siya ng pinto ng negosyante. Nagkatinginan na lang sila ni Nick.

“What now?” nakangiting tanong nito.

“Disappointed na ako, may gana ka pang ngumiti,” irap niya rito, pagkuwa’y tinungo ang sasakyan. Walang salitang pumasok siya sa loob.

Sinundan siya ng binata pero hindi nito ini-start ang makina. “What are we going to do now?”

“Find clients,” tugon niya, pinanghihinaan na ng loob. Ilang buwan na siya sa branch subalit hindi pa niya napapalaki ang deposits nila. Malapit na ang December at pagdating ng buwan na iyon ay kailangang naabot na niya ang quota kung di ay baka malipat na naman siya ng ibang branch. O kung hindi naman ay baka ibaba siya ng puwesto. Baka gawin

na lang siyang cashier o mas mababa pang officer. Hindi niya gustong mangyari iyon.

“Where are we going to find clients?” walang bahid ng pag-aalala sa mukha na tanong ng kasama.

“I don’t know.” Sinapo niya ng isang palad ang noo.

“C’mon, Ma’am, take it easy.”

“Kapag nagpapatakbo ka na ng sarili mong branch, maiintindihan mo rin ako. God knows how I dream of being a successful manager and eventually being promoted to vice president.” Hindi niya alam kung bakit niya iyon nasasabi sa binata.

“You’re smart. You’re bound to be promoted.”

“How? I can’t improve the status of the branch.”

Pilit nitong pinapanatag ang loob niya. “Nag-uumpisa ka pa lang naman. I’m here. I can help you.”

Napabuntunghininga siya. “I don’t think you can. You’re young—”

“Inexperienced, childish?” dugtong nito. Pinaandar nito ang kotse at muli iyong pinatakbo nang matulin.

“Nick, please,” paalala niya, “you promised not

to drive too fast.”

“Have lunch with me.”

“Sa opisina na. May kailangan pa tayong asikasuhin doon.”

“But I’m hungry.” Pinatulin pa nito ang sasakyan.

“Okay, I give up,” sabi niya. “Let’s have lunch.”

Ngumiti na ito at binagalan ang takbo ng sasakyan.

“Hinding-hindi na ako sasakay rito,” mariin niyang sabi.

“Ako naman ang sasakay sa kotse mo kapag hindi puwede ang sasakyan ko,” nakangiting sabi nito. “At ipagmamaneho kita, Ma’am.”

“Kung papayag ako.”

“Hindi puwedeng hindi. Remember, I’m your assistant and you’re training me. You should take me wherever you go.” Tumingin ito sa kanya nang makahulugan.

Umirap siya, sabay baling ng tingin sa labas ng bintana.

Hindi alam ng dalaga na hindi tinanggal ni Nick

ang paningin nito sa kanya. Bumusina nang malakas ang sasakyang makakasalubong nila nang muntik na itong banggain ng binata.

“Nick! Ano’ng nangyari?” tarantang tanong niya.

At saka lang ito natauhan.

“Hindi ka kasi tumitingin sa daan,” inis niyang sabi. “Para kang si Bobby, kapag nakakakita ng maganda, wala nang pakialam kahit mabangga siya.”

“Hindi naman ako tumitingin sa ibang babae,” katuwiran nito. “I was staring at you.” Nakatutok na sa daan ang mga mata nito.

Napatingin siya rito, sinusuri ang ibig nitong sabihin. Umiba siya ng tingin nang bumaling ito sa kanya. “Saan ba tayo kakain?” tanong niya.

“Ikaw ang bahala. You’re the boss.”

Sa isang seafood restaurant sila humantong.

“How old were you when you got accepted at the bank?” curious na tanong ni Nick nang kumakain na sila.

“Twenty-one,” tugon niya. “Bagong graduate lang ako noon.”

“Ngayon, at twenty-six, O.I.C. ka na kaagad?”

You're incredible!"

"Bolero!" sabi niya. Bahagya siyang napangiti. Hindi niya alam kung bakit gusto man niyang panatilihin ang distansya sa binata ay hindi niya magawa.

"Huwag kang magagalit, ha?"

"Bakit?"

"Ilang taon na kayo ng boyfriend mo?"

Tumikhim siya bago tumugon. "A year and a half."

"Is he a politician?"

"He'll be running for vice mayor this coming elections.... And please, don't ask about him anymore."

"Okay."

"How about you? Do you have a girlfriend?" hindi niya napigilang itanong. Pagkatapos ay nahihiyang tumungo siya. "Pardon me."

"I do. I do have a girl," masayang kuwento nito.

Parang kinurot ang puso niya sa sagot nito. Hindi niya nagustuhan ang reaksyon na iyon.

"She's beautiful," pagyayabang nito. "She's very

smart, ambitious and hard-working. She's a very ideal woman."

Napalunok siya.

"She's having lunch with me right now."

Napaangat siya ng tingin. Pinamulahan siya ng mukha at hindi kaagad nakapagsalita. "Alam mo, patawa ka talaga," mahina niyang sabi. Sumilay ang matamis na ngiti sa kanyang mga labi.

"Mas lalo ka palang gumaganda kapag nakangiti ka."

"Tiwanan kita rito kapag hindi ka tumigil sa kakabiro mo."

"Okay, I'll behave."

Tila pinapalo ng tambol ang kanyang dibdib. Ang lakas ng dating ni Nick. Naisip niyang imposibleng wala pa itong girlfriend.

Natapos ang tanghalian na marami pa silang napagkuwentuhan.

"Babalik na ba tayo sa branch?" tanong nito habang lumalabas sila ng restaurant.

"Oo," malumbay niyang tugon. "Wala na akong prospective clients ngayon."

Nababanaag nito ang lungkot sa mga mata ng dalaga. Nag-isip ito at kaagad nakapagdesisyon. “I know where we can go.”

“Saan?”

“Sa mga kakilala ko.”

Ang una nilang pinuntahan ay ang mayamang tiyahin ni Nick. Isang businesswoman ito na nakatira sa *Forbes Park*.

“Girlfriend mo?” tanong nito nang ipakilala ng binata si Bianca rito.

“Oo,” nakangiting pagsisinungaling nito.

Bahagya niya itong kinurot sa tagiliran.

“No, Tita. She’s my manager, Bianca Castillon,” mabilis nitong bawi. “Bianca, meet Tita Cristy, my mom’s sister.”

Nagpalitan ng greetings ang dalawang babae.

“She’s beautiful, Hijo,” pagkuwa’y komento nito. “Sit down, you two,” sabi nito at saka na rin naupo sa sofa. “So, what can I do for you?”

Ibinaba kaagad ni Nick sa harapan ng tiya ang

isang application for deposit at applicable rate for time deposit. “Open an account with us, Tita.”

“You’re working in a bank this time? What bank?”

“*Crown Development.*”

“What’s that?” Natawa ang matanda. “I never heard of it.”

“It’s a new bank, but it’ll be definitely a big bank someday.” Binigyan ni Nick ng brochure ang tiya tungkol sa bangko. “It’s primarily owned by the Reyes family. They own *Reyes Land Development*, the biggest land developer in the country.”

“I believe you, Hijo. Wait for me here,” nakangiting saad nito bago pumanhik ng hagdan.

Nang pumanaog ang matanda ay may dala na itong checkbook. Pinirmahan nito sa harapan nila ang isang tseke at kaagad na iniabot sa pamangkin. “Open it for ninety days,” anito.

“Thanks, Tita.” Tiningnan ni Nick ang nakasulat sa tseke at napamulagat ito. “Thirty million! Wow! Thank you, Tita! I love you,” sabi nito bago niyakap at hinalikan sa pisngi ang tiya.

“Anything for you, Hijo,” nakangiting sabi nito. “Make it five separate accounts. Just bring me the

other documents that I need to sign. Sigurado ako sa bangko n'yo, ha?"

"Oo, Tita. Guaranteed na safe ang pera ninyo sa amin."

Hanggang sa sandaling iyon ay hindi pa rin makakilos si Bianca sa kinauupuan.

"C'mon, Ma'am, let's go," pukaw ni Nick sa kanya.

Saka pa lamang siya natauhan.

"Are you still worried?" pormal na tanong ng binata sa kanya nang nasa sasakyan na sila.

Umiling siya. Hindi siya halos makapagsalita. Nahihiya siya rito dahil sa mga sinabi niya rito noon. Hindi niya alam na ganoon ito kalakas mag-market. Tiya lamang nito ang pinuntahan nila pero malaking halaga na ang kanilang nakuha. Alam niyang marami pa itong kakilala.

"Saan tayo ngayon?" tanong nito.

"Let's go to the bank and put that check in the safe."

Hindi pumayag si Nick na hindi maihatid si Bianca kinahapunan kaya nalaman nito kung saan

nakatira ang dalaga.

Ipinakilala niya ang binata kay Tina.

“Ang guwapo mo,” walang alinlangang sabi ng babae habang nakikipagkamay rito.

“Ano’ng gusto mong inumin?” tanong ni Bianca sa bisita matapos maibaba ang bag sa sofa.

“Huwag na, thank you. Hindi naman ako magtagal,” mabilis nitong tanggi.

“Dito ka na mag-dinner,” malambing na kayag ni Tina. Pinandilatan ito ni Bianca.

“Hihintayin ako sa bahay.”

“Ows? Baka naman hihintayin ka lang ng girlfriend mo. May girlfriend ka na ba?”

“Wala pa.”

“Naku, sino’ng maniniwala sa ’yo?” nakatawang sabi ni Bianca habang tumutungo sa kuwarta. “Diyan muna kayo, ha?” dagdag niya at isinara ang pintuan ng silid.

“A-ano’ng number n’yo rito?” mahinang tanong nito kay Tina.

Dinampot ng babae sa ibabaw ng sofa ang bag

ni Bianca at dinukot doon ang isang calling card. “O, ’ayan, kompleto na ’yan—home phone, cellular at beeper number ni Bianca.”

“Thanks, Tina.”

“Alam mo bang may boyfriend na siya?”

“I know. Nakita ko na si Bobby.”

“Ako, wala pa,” biro nito.

Natawa ang binata.

Nang bumalik si Bianca ay nagpaalam na kaagad si Nick.

Napatili si Tina nang makaalis ang binata. “Ang guwapu-guwapo niya talaga, Bianca!”

“Hindi ka na nahiya sa tao,” ingos niya. “Halatang-halatang naglalandi ka.”

“Teka, akala ko ba’y galit ka sa kanya?” nakapamaywang nitong baling sa kanya. “Bakit parang okay na kayo ngayon?”

Ikinuwento niya ang ginawa nito para sa kanya.

“Eh, di napahiya ka ngayon?” tukso ng kaibigan.

“Ano pa nga ba?”

Hindi dalawin ng antok si Nick nang gabing iyon. Naglalaro sa imahinasyon niya ang kaanyuan ni Bianca. Kailan lamang niya ito nakilala subalit hindi na ito mawaglit sa kanyang imahinasyon.

Si Bianca ang babaeng matagal na niyang pinakahihintay. Matagal siyang hindi nagkaroon ng seryosong relasyon dahil nawili siya sa trabaho. Katulad nito ay naghahangad din siya ng mas mataas na posisyon subalit ngayong nakilala niya ito, mas gugustuhin na lang siguro niya ang maging assistant nito habambuhay. Masaya siya kapag kasama ito. Hindi niya maipaliwanag ang kasiyahang nadarama niya.

Nang mga sandaling iyon ay hindi rin dalawin ng antok si Bianca. Iniisip din niya si Nick. Pakiramdam niya ay mas mapagmahal ito kaysa kay Bobby. Siguro ay lagi itong magkakaroon ng panahon sa kanya kapag ito ang naging kasintahan niya. Naisip niya iyon kahit alam niyang imposible iyong magkatotoo. Guwapo yata ito; tiyak na maraming babae ang naghahabol dito.

At siya, may commitment pa siya kay Bobby.

Kahit na ang totoo ay unti-unti nang nababawasan ang pagmamahal niya rito. Maraming beses na niya itong nahuling may kasamang ibang babae subalit pilit siyang nagbubulag-bulagan dahil mahal na mahal niya ito noon.

Iwinaglit niya sa isipan ang lalaki. Mas gusto niyang isipin si Nick.

Tumunog ang telepono at dinampot kaagad niya iyon sa pagbabakasakaling ang iniisip na binata ang nasa kabilang linya.

“Hello, Honey?” bungad ni Bobby.

Dagli siyang na-disappoint.

“I’m sorry for what happened this morning,” patuloy ito. “I’ll drive you to your office tomorrow, okay?”

“Huwag ka nang mag-abala. Baka maaga akong umalis at marami akong lakad bukas,” malamig niyang tugon.

“Please, I miss you so much.”

Hindi na siya tumugon. Ibinaba niya kaagad ang telepono. Subalit muli iyong tumunog. Nabubugnot niya iyong inangat.

“Damn it, Bobby, I don’t want to talk to you!”
halos pasigaw niyang sabi.

Matagal na natahimik ang nasa kabilang linya. May pakiramdam siyang hindi si Bobby ang naroon. “Hello, who’s this?” kalmado na niyang tanong.

“M-Ma’am, it’s Nick.”

“H-ha?” Napakagat-labi siya, pagkuwa’y may sumilay na ngiti sa kanyang mga labi. “I-ikaw pala. S-sorry, nasigawan kita.”

“It’s okay.”

“Napatawag ka?”

Wala itong maisip na itugon. Sandali itong natahimik.

“Ah, alam ko na. May bago tayong kliyente?”

“Ah, o-oo pero inaayos ko pa,” tugon nito. “Kailangan ko pang maglumuhod para magbukas siya ng account sa atin.”

Natawa siya. “I believe you’ll make a good manager someday.”

“Thank you,” masayang sagot nito.

Namayani ang katahimikan pagkatapos noon.

Tila kapwa sila naubusan ng sasabihin.

“Ah, nakakaistorbo ba ako?” tanong nito.

“Hindi naman. Ako na lang naman ang gising dito.”

“Talaga? Ako rin.... 'Asaan na'ng pamilya mo?” biglang usisa nito.

“Nasa Bacolod. Doon talaga kami nakatira. We have a small farm there.”

“Farm o hacienda?”

“*Farm*. Mahirap lang kami,” biro niya.

Katahimikan ulit. Dumapa siya sa kama, naghihintay ng susunod na sasabihin nito. Nakita niya ang nakangiting litrato ni Bobby sa ibabaw ng headboard. Inabot niya iyon at itinaob.

Dumaan ang mga oras na nanatili silang magkausap sa telepono. Hindi nila naisip na wala namang kakuwenta-kuwenta ang pinag-uusapan nila. Para silang teen-agers.

Sumapit ang alas doce.

“Nick, inaantok na ako't may pasok pa tayo bukas,” paalala niya.

“Tayo naman ang boss.”

Hindi na nagawang sumagot ni Bianca. Napapapikit na siya.

“Good night, Ma’am,” mahinang sabi ng binata.

“Hmm....” Ibinaba na niya ang telepono at kaagad nang nakatulog.

May ngiti sa mga labi ni Nick nang ibagsak nito ang katawan sa kama.

Maganda ang gising ni Bianca kinabukasan. Hanggang tainga ang ngiti niya habang pumapasok ng bangko.

Naunahan siya ni Nick. Abala na ito sa trabaho nang dumating siya.

“Good morning,” masayang bati nito.

“Good morning,” pormal niyang tugon. As much as possible, gusto niyang maging seryoso kapag nasa opisina.

Feel na feel talaga niya ang pagiging boss niya, sabi ni Nick sa isip. Hindi ko alam kung ano ang nasa isip niya. Hindi ko alam kung naging mabait lang siya sa akin dahil sa nakuha kong deposito kahapon. I have

Sa 'Yo Lamang Liligaya - Ningning C. Interino

to do something about it. Napangiti ito sa ideyang pumasok sa isip.

Tumayo si Nick at lumabas ng bangko. Pumasok ito sa sasakyan at pinindot ang numero ng tiyahin mula sa cellular phone.

3

Tahimik na bumalik sa mesa si Nick. Mayamaya ay tumunog ang beeper nito. Binasa kaagad ng binata ang mensaheng naroon.

“Damn it!” bulalas nito.

Napatingin si Bianca rito subalit walang salitang lumabas sa bibig niya.

“It seems we have a problem,” baling nito sa kanya.

“What?”

“Nag-back out ang tita ko.”

“What do you mean?”

Tumayo ito at inabot sa kanya ang beeper. Ang nakasaad doon ay: *I need to know more about your bank first. I'm withdrawing my check. Tita Cristy.*

Biglang naaburido si Bianca. “Ano ba 'yan?” yamot niyang sabi. “Ganyan ba talaga ang tita mo, pabagu-bago ang isip?”

Bumuntunghininga nang malalim si Nick. “It's her money. It's her right to decide where to put it.”

“Why don’t you talk to her?”

“Nawawalan na ako ng gana,” hindi tumitingin sa kanya na tugon nito. “It’s not my responsibility, anyway.”

Napatiim-bagang na pinukulan niya ng matalim na tingin ang binata. *Ang yabang nito! yamot niyang sabi sa isip. Akala siguro’y may mawawala sa akin kapag hindi niya ako tinulungan. Tingnan natin!*

Nang hapong iyon ay dumating si Bobby na may dalang pumpon ng roses.

“Hi, Honey,” bati nito sa nobya.

Balak sana ni Bianca na huwag munang kausapin ang lalaki subalit sumagi sa isip niya si Nick. Gusto niyang ipamukha rito na mas maipagmamalaki niya si Bobby kaysa rito.

Kinalimutan niya ang galit sa kasintahan nang hagkan siya nito sa pisngi. Pilit siyang ngumiti nang tanggapin ang mga bulaklak. “Thank you.”

“I missed you,” bulong nito.

“I missed you, too.”

Tumaas ang isang kilay ni Nick habang kunwari

ay busy ito sa ginagawa.

“Let’s have dinner tonight,” mungkahi ni Bobby.

“I’d love that,” sagot niya.

Sisipul-sipol na kinausap ni Nick ang accountant. Hindi nito ipinapahalatang nagseselos ito.

Sinulyapan ni Bianca ang assistant at ibinalik na ang atensyon sa kasintahan.

Halos madurog ang puso ni Nick habang sinusundan ng tingin ang papalayong sasakyan ng dalawa pagkatapos ng office hours. Bumuntunghininga siya habang sumasakay ng sariling kotse.

“Boss, bakit naman kinuha ulit ni Mrs. Rodriguez ang tseke?” tanong ni Maggie kay Nick kinabukasan. Nasa ibaba ang binata nang umagang iyon upang pag-aralan ang flow ng transactions.

“She changed her mind,” kibit-balikat niyang tugon.

“Sayang! Akala pa naman namin ay makakapag-open na kami ng malaking halaga,” panghihinayang ni Cindy.

“Kapag ako na ang manager n’yo, iyon ang

mangyayari,” may himig pagyayabang niyang biro.

Nasa ganoon silang pag-uusap nang may pumasok na bank client.

“Excuse me, mag-i-inquire ako,” sabi nito at saka umupo sa tapat ng new accounts section.

“Let me handle this,” sabi ni Nick sa new accounts clerk bago hinarap ang kliyente. “Yes, what can I do for—” Natigilan siya nang mamukhaan ang babae. Mestisahin ito, sexy at maganda. “Vivian?”

“Yes, it’s me,” excited na sabi nito. “Sabi ng daddy mo, dito ka raw nagtatrabaho kaya pinuntahan kita rito. What’s up?”

“Hindi kita kaagad namukhaan,” napapangiti niyang sabi. Si Vivian ay dati niyang kababata at inaanak ng kanyang daddy. Nag-aral ito sa Amerika kaya matagal silang nawalan ng komunikasyon. Ang mga magulang nila ay matalik na magkaibigan. “Kailan ka pa dumating?”

“Last Monday lang.”

“Kamusta na?”

“Mabuti. Marami akong ikukuwento sa 'yo. Are you free this afternoon?”

“Yes.”

“Good. Pasyal tayo, ha?”

“Sure.”

Niyaya niya ang babae sa itaas at ipinakilala kay Bianca. Naglakbay kaagad ang mga mata ng dalaga sa kabuuan ni Vivian.

Pagkatapos noon ay nagkuwentuhan na ang dalawa sa mesa ni Nick. Hindi maiwasan ni Bianca ang mapasulyap sa kanila. Sinusuri ng mga mata nito si Vivian. Pinag-aralan nitong mabuti kung kaibigan ito o girlfriend ng binata.

Hindi nalingid kay Nick ang pasulyap-sulyap ng dalaga sa kanila. Lihim siyang napangiti.

“What do you think of Vivian?” tanong ni Nick kinabukasan habang pinipirmahan ni Bianca ang mga dokumentong dala ng new accounts clerk.

Napatingin siya sa binata. Animo ay nangangarap itong nakatanaw sa labas ng bintana. Sinasadya nito iyon upang tingnan ang magiging reaksyon niya.

“What about her?” kunwa’y wala sa loob na tanong niya.

“She’s beautiful, isn’t she?” Tumingin ito sa kanya.

“I don’t know,” kibit-balikat niyang tugon.

Napangiti si Nick. “She was my childhood crush.”

“I didn’t ask.”

“Tita Cristy plans to open an account again,” pag-iiba nito ng usapan. “This time, totoong-totoo na.”

Bigla siyang naging interesado. “Really? How much? Thirty million?”

“Lower.”

“Bakit? Eh, di kumbinsihin mo siya na magpasok ng malaking halaga. You can do that, can’t you?”

“Siyempre naman. Malakas yata ako sa tita ko. The truth is, marami pa akong puwedeng hingan ng deposito.”

“Sasamahan kita; puntahan natin sila,” excited na mungkahi niya.

Tumingin ito nang makahulugan sa kanya.

“Why are you looking at me like that?” mahinang tanong niya, kaagad na pinamulahan ang mga pisngi. Nakakatunaw ang mga titig nito.

“For every deposit na maipasok ko rito, you do me a favor,” sabi nito na may pilyong kislap sa mga mata.

“Like what?” taas-kilay na tanong niya.

“Example, wala akong maka-date, ikaw ang isasama ko.”

“You’re crazy!” duro niya rito bago siya tumalikod at lihim na napangiti. Gusto niya ang ideyang iyon. Kinikilig pati na ang kailaliman ng kanyang puso.

“I can promise a hundred million worth of deposits before the end of the year.”

Napalunok siya.

“What do you say?”

Hindi siya tumugon.

“Okay, just forget the whole thing.” Tumayo ito at disappointed na akmang papanaog ng hagdan.

“Nick!”

“What?”

Namumula ang mukhang humarap siya rito. “Make it a hundred and fifty million.”

Sumilay ang matamis na ngiti sa labi nito. “Call!”

Tumungo siya, hindi makatingin nang tuwid dito. Wala siyang pakialam sa anumang maging impression nito sa kanya, na iisipin nitong ginagamit lang niya ito. Sinunod lamang niya ang idinidikta ng puso.

“At alam mo ba kung ano ang hiningi niyang kondisyon?” pagbibida kaagad ni Bianca kay Tina kinagabihan. “I-grant ko rin daw ang mga request niya. For example, wala siyang date, ako ang magiging date niya. O, di ba exciting, Cristina?”

“Hay naku! Naisahan ka n’ong tao,” ingos nito.

“Bakit naman?”

“Gagamitin ka lang n’on.”

Binato niya ito ng throw pillow. “Inggit ka lang! Palibhasa, alam ko namang tinamaan ka sa kanya noong una mo pa lang siyang makita. O, ano? Aminin mo.”

“True,” malanding sabi nito. “Bakit ikaw pa?” inggit na inggit nitong tanong.

“Kasi, type niya ako,” nakapikit ang mga matang tugon niya.

“Malandi!” Ibinato nito ang throw pillow pabalik

sa kanya. “Daig mo pa ang teen-ager na ngayon lang natutong humanga sa lalaki. Hija, gusto lang magpalakas sa 'yo n'ong tao para taasan mo ang evaluation sa kanya. Ang guwapu-guwapo n'on, 'no! Hindi magkakagusto sa 'yo 'yon,” ingos pa nito.

“Yabang mo!” Sandali siyang natahimik. Nagbigay ng palaisipan sa kanya ang sinabi ng kaibigan. Possible rin namang iyon ang pangunahing rason ni Nick.

Eh, ano? pagkuwa'y sabi niya sa isip. Ang mahalaga ay masaya siya habang kasama ang binata. At least, hindi na siya mangungulila kay Bobby kapag nawawalan ito ng panahon sa kanya. Subalit tama ba namang makisakay siya sa mababaw na larong iyon? Edukada siya, matalino at disente. Hindi siya dapat nagkakaganoon. Ngunit ano ang magagawa niya? Tinatalo siya ng damdaming unti-unting umuusbong sa kanyang dibdib. Noon lang siya muling sumaya. Noon lang... mula nang makilala niya si Nick.

Hindi makatulog si Nick. Nag-aalala siyang baka napasubo siya kay Bianca. Ang totoo ay wala naman siyang ibang prospective clients maliban sa kanyang Tita Cristy. Subalit hindi na niya mababawi ang nasabi na, lalo pa at pumayag ang dalaga sa gusto niyang mangyari. Hindi niya mapapakawalan ang

pagkakataong iyon.

Lumabas siya ng kuwarto at pinuntahan ang ama sa silid nito.

“I need your favorite patient’s list, Dad,” bungad niya sa pintuan.